



### FAQ ng Aplikasyon para sa Community Accelerator Grant

Ikinalulugod ng ArtsFund na ianunsiyo ang 2025 Community Accelerator Grant program (programang Gawad na Pampatulin sa Komunidad), na magbibigay ng mga grant na walang restriksiyon na may kabuoang \$10 milyon sa mga organisasyong pangkultura sa buong Estado ng Washington nang may halagang \$2,500 hanggang \$25,000. Magbibigay ang pondong ito ng mahalagang kapital sa mga organisasyong pangkultura ng Washington, kasama na rito ang mga organisasyong may piskal na sponsor at mga pantribung entidad, na ang pangunahing misyon ay gumawa o sumuporta sa mga aktibidad na pansining at pangkultura.

Sa tulong ng pagpopondo ng Paul G. Allen Family Foundation, magtutulungang muli ang ArtsFund at ang Paul G. Allen Family Foundation upang makapag-alok ng ikatlong yugto ng pagpopondo, upang maipagpatuloy pa ang tagumpay ng programa, na nakapagkaloob ng kabuoang \$10 milyon sa 811 organisasyon sa 37 hanggang 39 na county sa Washington noong 2024. Pananatilihin ng programa ang pagbibigay-diin nito na isapriyidad ang mga komunidad na kaunti lang ang akses sa mainstream na pondo, kasama na rito ang mga organisasyong nakasentro sa mga komunidad ng Black, Indigenous, and other People of Color (BIPOC, Iitim, Katutubo, at iba pang Taong may Kulay), Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, and Queer+ (LGBTQ+, Lesbiyana, Bakla, Bisexual, Transgender, Queer, at iba pa), mga taong may mga kapansanan, at mga rural na komunidad. Walang restriksiyon ang mga paggawad, at ang mga recipient na organisasyon ay papayagang gamitin ang pondo sa mga paraang pagpapasyahan at bibigyang-priyidad nila upang makagawa ng pinakamalaking epekto. Ipo-post ang link para sa aplikasyon sa [web page ng Community Accelerator Grant](#) nang **12:00 nang tanghali, Abril 29**. Ang deadline sa pag-apply ay **5:00 p.m. sa Biyernes, Hunyo 6**. Pag-aralan ang FAQ na nasa ibaba bago mag-apply at makipag-ugnayan sa [accelerator@artsfund.org](mailto:accelerator@artsfund.org) kung may anumang tanong. Upang i-preview ang aplikasyon, i-click [ito](#).

#### Talaan ng Nilalaman:

- Kalipikasyon
- Impormasyon ukol sa Aplikasyon
  - Form ng Pinansiyal na Impormasyon
  - Form ng mga Programa at Demograpiya
  - Pag-apply nang may Piskal na Sponsor
  - Form ng ACH
- Portal ng WizeHive Grant

- Pagsusuri, Pamantayan sa Ebalwasyon, at Pagtanggap ng Pondo

## Kalipikasyon

### Ano ang mga kinakailangan upang maging kalipikadong mag-apply sa Community Accelerator Grant?

- Ang Community Accelerator Grant ay inilaan upang pondohan ang sektor ng sining at kultura ng Estado ng Washington. Kalipikadong mag-apply ang mga 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa, organisasyong may piskal na sponsor na isang 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa, at pantribong entidad na kinikilala ng estado o pamahalaang pederal. Bukod pa rito, ang mga organisasyon ay dapat:
  - May pangunahing misyong gumawa at sumuporta sa mga aktibidad na pansining at pangkultura.
  - Umiiral na nang tatlo o higit pang taon.
  - May average na taunang badyet sa pagpapatakbo na \$25,000 o mas malaki noong FY2023, FY2024, at FY025 (nakabadyet).
- Kasama sa mga aplikanteng itinuturing na hindi kalipikado ang:
  - Mga indibidwal
  - Mga pribadong foundation
  - Mga organisasyong for-profit o pinagkakakitaan
  - Mga organisasyong may politikal na adbokasiya
  - Mga organisasyon sa labas ng Estado ng Washington
  - Mga simbahan at panrelihiyong organisasyon
  - Mga ahensiya ng pamahalaan, maliban sa mga pamahalaan ng mga tribu

### Limitado lang ba sa mga organisasyong pansining ang Community Accelerator Grant?

- Ang oportunidad na ito sa pagpopondo ay para lang sa mga organisasyong may mga pangunahing misyong gumawa at sumuporta sa mga aktibidad na pansining at pangkultura.

### Ano ang mga kinakailangan para sa kalipikasyon ng mga tribu at pantribong entidad?

- Ang mga tribung kinikilala ng estado o pamahalaang pederal ay kalipikado at hinihikayat na mag-apply, hangga't natutugunan nila ang mga minimum na kinakailangan sa badyet at matatagpuan sila sa Washington. Dahil kasama sa trabaho at pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tribu ang mga kasanayan sa pamanang kultura at sining, ituturing na kalipikado ang mga tribu kahit na wala silang pormal na pahayag ng misyon na sumasaklaw sa mga aktibidad sa sining at kultura. Ang mga tribung hindi kinikilala ng pamahalaang pederal o estado ay maaaring mag-apply bilang 501(c) 3 na organisasyon o organisasyong may piskal na sponsor kung angkop.

Bukod pa rito, ang mga pantribong entidad na nakatuon sa mga aktibidad sa sining at kultura, gaya ng mga kagawaran ng kultura o mga museo ng tribu, ay kalipikadong mag-apply para sa

pagpopondo kung natutugunan nila ang mga minimum na kinakailangan sa badyet. Maaaring mag-apply ang maraming entidad na nauugnay sa iisang tribu kung natutugunan ng bawat isa ang pamantayan para sa kalipikasyon. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa pangkat na tagapagkaloob ng grant kung may anumang tanong.

**Puwede bang mag-apply ang isang organisasyon upang pondohan ang partikular na programang gumagawa o sumusuporta sa mga aktibidad na pansining at pangkultura, kahit na hindi ito ang pangunahing misyon ng organisasyon?**

- Hindi. Ang oportunidad na ito sa pagpopondo ay nakalaan lang sa mga organisasyong may pangunahing misyong gumawa at sumuporta sa mga aktibidad na pansining at pangkultura. Ang mga programang may ganitong mga kategorya na pinatatakbo ng mga organisasyong may mas malalawak na misyon ay hindi kalipikado para sa oportunidad na ito.

**Paano ko kakalkulahin ang taunang average na badyet sa pagpapatakbo ng aking organisasyon?**

- Pakigamit ang cycle ng piskal na taon ng iyong organisasyon upang kalkulahin ang iyong taunang average na badyet sa pagpapatakbo. Idagdag ang iyong kabuoang kita para sa mga badyet sa pagpapatakbo noong FY23 at FY24 sa nakabadyet na kita para sa FY25. Hatiin sa 3 ang numerong ito. Kung katumbas o mas malaki sa \$25,000 ang numerong ito, natutugunan ng iyong organisasyon ang kinakailangang badyet.

**Kung may piskal na sponsor ang aking organisasyon, angkop ba ang \$25,000 na minimum na kinakailangan sa badyet sa aking organisasyon o sa aking 501(c)(3) na organisasyong piskal na sponsor?**

- Ang kinakailangang \$25,000 na minimum na badyet ay ipinapataw sa iyong organisasyon, hindi sa iyong piskal na sponsor. Pakikalkula ang taunang badyet sa pagpapatakbo para sa *iyong* organisasyon.

**Kung \$25K ang minimum na badyet sa pagpapatakbo, mayroon bang maximum na badyet?**

- Wala.

**Nasa Oregon/Idaho ang aking organisasyon, pero residente ng Washington ang marami naming kalahok, puwede ba kaming mag-apply?**

- Hindi. Kahit na naglilingkod ang iyong organisasyon sa mga residente ng Washington, nasa Estado ng Washington dapat ang iyong organisasyon upang maging kalipikado.

**Kung kalipikado (o hind kalipikado) ang aking organisasyon para sa pagpopondo ng Community Accelerator Grant noong 2024, magiging kalipikado ba (o hindi kalipikado) ulit ang aking organisasyon sa 2025?**

- Ang lahat ng organisasyon, kasama na rito ang mga bago at dating aplikante, ay susuriin kung kalipikado sila sa 2025. Ang mga organisasyong hindi kalipikado noong 2023 o 2024 ay maaaring kalipikado na sa 2025, depende sa sitwasyon. Ang pagiging kalipikado sa mga nakaraang cycle ay hindi naggagarantiya ng pagiging kalipikado sa 2025.

### **Kalipikado bang mag-apply ang mga kasalukuyan o dati nang napagkalooban ng ArtsFund? Mas posible bang mapondohan ng grant na ito ang mga napagkalooban na ng ArtsFund?**

- Ang mga kasalukuyan o dati nang napagkalooban ng ArtsFund ay kalipikadong mag-apply, kung matutugunan nila ang iba pang kinakailangan para sa kalipikasyon. Ang katayuan bilang kasalukuyan o dati nang napagkalooban ng ArtsFund ay hindi makaaapekto sa posibilidad na makatanggap ng pondo ang iyong organisasyon. Ang mga kasalukuyan o dati nang napagkalooban ng ArtsFund ay hindi ginagarantiyang mapopondohan sa tulong ng programang ito.

### **Kalipikado bang mag-apply ang mga organisasyong pangkultura?**

- Ang mga organisasyong pangkultura ay kalipikadong mag-apply, kung may ginagawa silang makabuluhan sa larangan ng sining.
- Kung hindi ka sigurado kung natutugunan ng iyong organisasyon ang kinakailangang ito para sa kalipikasyon, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa [accelerator@artsfund.org](mailto:accelerator@artsfund.org) at gagawin ng aming pangkat ang aming makakaya upang mabigyang-linaw ang tungkol dito. Susuriin ang mga aplikante kung kalipikado sila pagkatanggap sa aplikasyong sinagutan nila, kaya pakitandaan na hindi mapagpapasyahan kaagad ang kalipikasyon.

## **Impormasyon ukol sa Aplikasyon**

### **Anong impormasyon ang hinihiling sa aplikasyon?**

- Dapat munang sagutan ng lahat ng aplikante ang Profile Eligibility Form (Form ng Profile ng Kalipikasyon) sa portal ng aplikasyon. Magiging available lang ang mga form ng aplikasyon pagkatapos mong sagutan ang form na ito.
- Ang aplikasyon ay may apat na seksiyon:
  - Isang Form ng Pangkalahatang Impormasyon
  - Isang Form ng Pinansiyal na Impormasyon
  - Isang Form ng mga Programa at Demograpiya
  - Isang Form ng Paghiling sa Automated Clearing House (ACH)

### **Mayroon bang mga naratibong tanong sa aplikasyon?**

- Walang kinakailangang naratibong tanong sa aplikasyong ito. Ang ilang form ay naglalaman ng mga opsiyonal na kahon ng komento na makatutulong sa iyo upang magbigay ng konteksto o paglilinaw kung kailangan; hindi nilalagyan ng iskor ang mga komento.

### **Form ng Pinansiyal na Impormasyon**

**Sa chart ng impormasyon ng organisasyon, hinihiling na ilagay ng mga organisasyon ang pinansiyal na datos para sa FY2023 at FY2024 (at FY2025 na nakabadyet). Aktuwal ba o mga badyet ang mga ito?**

- Pakigamit ang mga aktuwal para sa mga natapos nang piskal na panahon (FY2023 at FY2024) at gamitin ang mga nakabadyet na halaga para sa piskal na taong hindi pa tapos (FY2025).

**Ano ang pinagkaiba ng kinita at kinita mula sa kontribusyon?**

- Ang ibig sabihin ng kinita ay ang pondong natanggap bilang direktang kapalit ng kalakal, programa, o serbisyo; kabilang na rito ang bayarin para sa programa, income sa kontrata, pagbebenta ng tiket, concession, bayad para sa membership, at item sa gift shop. Ang ibig sabihin ng income mula sa kontribusyon ay anumang pondong natanggap na hindi direktang kapalit ng kalakal, programa, o serbisyo; kabilang na rito ang pondo ng grant, indibidwal na donasyon, pondo ng pamahalaan, suporta ng foundation, at sponsorship.

**Bakit magkahiwalay ang “gastusin sa tauhan” at ang gastusin sa pagpapatakbo?**

- Ang gastusin sa tauhan ay kasama dapat sa iyong linya ng gastusin sa pagpapatakbo (kung angkop). Hinihiling namin ang numerong ito nang nakahiwalay at para na rin sa mga layunin sa pananaliksik at adbokasiya. Ang gastusin sa tauhan ay ang gastusin lang na nauugnay sa mga halagang nasa payroll; kabilang na rito ang mga suweldo, sahod, insurance sa payroll, at benepisyo ng empleyado. Ang mga stipend at nakakontratang serbisyo ay hindi kasama sa kategoryang tauhan. Kung walang pinasasahod na kawani ang iyong organisasyon, pakilagay ang 0.

**Bakit itinatanong sa aplikasyon kung paano namin gagamitin ang pondo?**

- Ang tanong na ito ay upang maunawaan ang pangangailangan ng mga organisasyon sa sektor ng sining at kultura ng Washington. Hinihiling namin ang impormasyong ito para sa mga layunin sa pananaliksik at adbokasiya. Hindi gagamitin ang sagot na ito upang kalkulahin ang igagawad sa iyo.

**Naghain ang aking organisasyon ng 990-N. Puwede ko bang i-upload ang dokumentong ito sa form ng pinansiyal na impormasyon?**

- Hindi kami puwedeng tumanggap ng mga Form 990-N; puwede lang kaming tumanggap ng mga Form 990 o 990-EZ. Kung maghahain ang iyong organisasyon ng Form 990-N, dahil sa mga gross receipt na mas mababa sa \$50,000, paki-upload na lang ang iyong mga pinakabagong pinansiyal na dokumento (kabilang na rito ang income statement, balance sheet, at statement of cash flow).

**Form ng mga Programa at Demograpiya**

**Ano ang ibig sabihin ng “pagsentro” sa tinig ng mga taong kumikilala sa kanilang sarili bilang BIPOC, LGBTQ+, at mga taong may mga kapansanan?**

- Ginagamit namin ang salitang “pagsentro” sa halip na “pagsasama” upang makapagsaad ng mas malalim na antas ng pakikipag-ugnayan. Isinasaad ng salitang “pagsentro” na ang tinig ng mga partikular na populasyon ay hindi lang isinasama o iniimbitahang lumahok sa mga programa ng isang organisasyon, kundi iyon din mismo ang pinagtutuonan ng mga bagay na ginagawa ng isang organisasyon. Ang mga tao mula sa mga nakasentrong populasyon ay nagbabahagi ng sarili nilang mga kuwento, at nilalayong maiangkop sa kultura ang mga programa batay sa kanilang mga karanasan.

**Para sa mga layunin ng survey ng demograpiya, ano ang ibig sabihin ng kawani?**

- Para sa mga organisasyong may dalawa o higit pang binabayaranang kawani: isama ang lahat ng kawaning nasa payroll (mga taong binabayaran ng sahod o suweldo, hindi stipend o kita sa kontrata.)
- Para sa mga organisasyong may 0-1 kawani sa payroll:
  - Kung pangunahing pinatatakbo ang iyong organisasyon ng mga kontratista o kawaning binabayaran ng stipend, pakisagutan ang form na ito sa ngalan ng iyong pangunahing grupo ng mga nakakontratang kawani.
  - Kung ang iyong organisasyon ay pangunahing pinatatakbo ng mga boluntaryo, pakisagutan ang form na ito sa ngalan ng iyong pangunahing grupo ng mga boluntaryo. Pakisama lang ang mga boluntaryong may mga tungkulin sa pamumuno, administratibo, o sa pangangasiwa ng programa at may makabuluhang antas ng responsibilidad upang pamahalaan ang organisasyon o grupo. Ang ilang halimbawa ng mahahalagang posisyon ng boluntaryo ay maaaring kabilangan ng direktor o tagapangasiwa ng programa.

**Kailangan ba naming sagutan ang survey ng demograpiya? Kung hindi ko gustong magbigay ng impormasyon para sa aking lupon o mga kawani, puwede ko bang gamitin na lang ang “hindi alam/mas gustong hindi sagutin/hindi angkop” para sa lahat ng miyembro ng lupon/kawani?**

- Humihingi kami ng demograpikong datos upang matulungan kaming tukuyin ang mga organisasyong may mga kawani at lupon lubos na naikakatawan mula sa isa o higit pa sa mga sumusunod na nakasentrong populasyon: Itim, Katutubo, at iba pang Taong may Kulay; mga taong may mga kapansanan; at mga taong LGBTQ+.
- Hinihikayat ang mga aplikante na sumagot nang kompleto hangga't maaari para sa mga kawani o pangunahing grupo ng mga boluntaryo ng kanilang organisasyon (kung angkop). Kung nanaisin mo, maaari kang hindi magsama ng anumang demograpikong impormasyon kung pipiliin ang “hindi alam/mas gustong hindi sagutin” para sa mga kawani o pangunahing boluntaryo (kung angkop).
- Kahit na hindi kompleto ang iyong datos, hinihikayat ka naming sagutan ang mga form na ito nang may pinakamaraming impormasyong mayroon ka at gamitin ang opsyong “hindi alam/mas gustong hindi sagutin” kung kailangan.

**Paano kung walang lupon o nangangasiwang grupo ang aking organisasyon?**

- Sa aplikasyon, piliin ang “Wala” sa tanong na “Mayroon bang lupon o nangangasiwang tagapayong grupo ang iyong organisasyon?” Ang mga aplikanteng pipili ng “Wala” sa tanong na ito ay hindi hihilinging magbigay ng demograpikong impormasyon ng lupon.

**Paano kung sa palagay ko ay hindi sumasalamin sa mga kawani at/o lupon ng aking organisasyon ang mga pagkakakilanlang lahi na kasama sa form ng demograpiya?**

- Nauunawaan namin na komplikado, lubos na personal, at masalimuot ang mga pagkakakilanlan ng lahi. Kung higit sa isang pagkakakilanlan ang angkop, hinihikayat ka naming pumili ng “dalawa o higit pang lahi.” Kung hindi kinakatawan ang isang pagkakakilanlan, iminumungkahi naming piliin mo ang “ibang nag-iisang lahi.” Hinihikayat ka naming magbahagi ng dagdag na paglilinaw sa nakalaang kahon ng komento, kung nanaisin mo.

**Paano gagamitin at itatabi ang demograpikong datos na ibinabahagi ko sa form na ito?**

Nauunawaan ng ArtsFund na ang pagkolekta ng demograpikong datos mula sa iyong mga kawani at lupon ay puwedeng magdulot ng mga hamon sa logistics at personal, lalo na kung ang iyong organisasyon ay binubuo ng at/o nakasentro sa mga miyembro ng mga marginalized o naisasantabing komunidad. Dahil dito, gusto naming magbahagi ng kaunting impormasyon kung bakit namin hinihiling ang datos na ito, kung paano ito ginagamit, at kung paano ito itinatabi. I-click ito upang makita ang aming [Pahayag sa Paggamit ng Datos](#).

**Pag-apply nang may Piskal na Sponsor**

**Anong impormasyon at dokumentasyon ang kailangan ko mula sa aking piskal na sponsor upang makompleto ang aking aplikasyon?**

- Isang nilagdaang liham ng kasunduan sa pagitan mo at ng iyong piskal na sponsor. Pakitandaan na ang inyong kasunduan sa piskal na sponsorship ay kailangang may lagda ng parehong partido (sponsor at sponsee), kailangang pangkasalukuyan, at kailangang may kasamang kasiguruhan na susubaybayan ng piskal na sponsor ang mga pondo.
- EIN (Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer) ng Piskal na Sponsor
- Pinadadalhang Address ng Piskal na Sponsor
- Isang kontak sa iyong piskal na sponsor na organisasyon
- Impormasyon sa bangko ng Piskal na Sponsor upang makompleto ang ACH Payment Form (Form ng Pagbabayad sa ACH), sumangguni sa preview ng aplikasyon para sa iba pang impormasyon.

**Nasa Washington ba dapat ang aking piskal na sponsor na organisasyon?**

- Hindi, ang iyong organisasyon ay maaaring magkaroon ng piskal na sponsor na isang 501(c)(3) na organisasyon sa ibang bahagi ng US.

**Kailangan bang matugunan ng aking piskal na sponsor na organisasyon ang iba pang mga kinakailangan para sa kalipikasyon?**

- Hindi, ang mga kinakailangan para sa kalipikasyon ay para sa iyong organisasyon, hindi sa iyong piskal na sponsor.

### **Ano ang piskal na sponsorship?**

- Ang piskal na sponsorship ay kasunduan sa pagitan ng isang 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa at iba pang entidad o proyekto kung saan tumatanggap o nagbibigay ng pondo ang 501(c)(3) na kawanggawa upang maisulong ang entidad o proyekto, nang hindi nawawala ang kakayahan nitong magpasya o kontrolin ang mga pondo.

### **Matutulungan ba ako ng ArtsFund na makakuha ng piskal na sponsor?**

- Hindi, hindi matutulungan ng Mga Kawani ng ArtsFund ang mga indibidwal na aplikante upang makakuha ng piskal na sponsorship.

### **Puwede bang kumilos ang aking 501c3 na organisasyon bilang piskal na sponsor ng ibang organisasyon at mag-apply rin para sa isang Community Accelerator Grant?**

- Oo, puwedeng mag-apply ang mga 501(c)(3) na organisasyon para sa Community Accelerator Grant para sa sarili nilang organisasyon at puwede rin silang hiwalay na kumilos bilang piskal na sponsor para sa isa o higit pang organisasyong walang sariling katayuang 501(c)(3) na nagnanais ding mag-apply. I-evaluate nang magkakahiwalay ang mga aplikasyon para sa mga piskal na sponsor na organisasyon at sa kanilang mga piskal na inii-sponsor.

### **Form ng ACH**

#### **Puwede bang maghintay ang aking organisasyon bago isumite ang impormasyon ng aming bangko (o ng aming piskal na sponsor) hanggang sa makatanggap kami ng kumpirmasyong magagawaran kami?**

- Sa pagnanais na mailabas ang pondong ito sa komunidad sa lalong madaling panahon, kinakailangan ng ArtsFund ang impormasyong ito bilang bahagi ng inisyal na aplikasyon. Ang mga aplikasyong isinusumite nang walang impormasyon ng bangko o nang may maling impormasyon ng bangko ay ituturing na hindi kompleto. Maingat na itatabi at hindi ipamamahagi ang pinansiyal na impormasyon ng iyong organisasyon.

### **Portal ng WizeHive Grant**

#### **Kailan magsisimula ang aplikasyon?**

- Ipo-post ang link para sa aplikasyon sa [web page ng Community Accelerator Grant](#) nang **12:00 nang tanghali sa Abril 29**. Ang deadline sa pag-apply ay **5:00 p.m. sa Hunyo 6**.

#### **Puwede bang magbago ang deadline ng aplikasyon?**

- Hindi. Hindi namin matatanggap ang mga aplikasyong lampas na sa deadline.

#### **Kailangan ko bang tapusin ang aplikasyon ko nang isang upuan lang? Puwede ba akong tulungang sumagot ng ibang tao mula sa aking organisasyon?**

- Puwede kang mag-log in sa iyong WizeHive account upang gumawa ng pagbabago sa iyong aplikasyon anumang oras sa panahon ng aplikasyon. Makakapag-set up ka ng WizeHive account



kapag nagbukas na ang portal ng aplikasyon sa Abril 29. Isang tao lang sa bawat organisasyon ang puwedeng gumawa ng mga kredensiyal sa pag-log in, na puwedeng ibahagi sa iba.

### **Paano kung mapagtanto kong nagkamali ako sa aking aplikasyon pagkatapos ko itong isumite? Maitatama ko ba ito?**

- Kapag naisumite na ang aplikasyon, hindi na ito mae-edit pa. Kung kailangan mo itong itama bago ang deadline ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa [accelerator@artsfund.org](mailto:accelerator@artsfund.org) o tumawag sa (206) 788-3051.

### **Kung kailangan ko ng karagdagang teknikal na tulong sa aking aplikasyon, kanino ako makikipag-ugnayan?**

- Puwede kang makipag-ugnayan sa mga kawani sa ArtsFund: mag-email sa [accelerator@artsfund.org](mailto:accelerator@artsfund.org) o tumawag sa (206) 788-3051 para sa karagdagang tulong o tanong.
- Magdaraos ng pampublikong pang-impormasyong webinar sa ika-22 ng Abril mula 9:30-10:30 a.m. Pagkatapos nito, ilalagay ang nakarekord na webinar sa [web page ng Accelerator](#). Awtomatikong lalabas ang mga subtitle at interpretasyon ng ASL sa rekording ng webinar. Magkakaroon din ang webinar ng mga subtitle sa wikang French, Japanese, Korean, Mandarin, Portuguese, Russian, Somali, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Ipo-post ang mga naka-subtitle na bersiyon sa [web page ng Accelerator](#) kapag handa na ang mga ito.

### **Gaano katagal bago matapos ang aplikasyon?**

- Tinatantiya namin na aabutin nang 3 hanggang 10 oras ang pagsagot sa aplikasyon para sa grant na ito: 2-7 oras sa pangangalap ng materyales para sa aplikasyon at 1-3 oras sa pagsagot sa mismong aplikasyon.

### **Paano ko makikita ang kopya ng nakaraang (mga) aplikasyon para sa Community Accelerator Grant ng aking organisasyon?**

- Puwede mong makita ang mga aplikasyon para sa Community Accelerator Grant noong 2023 at 2024 kung bibisita ka sa angkop na portal ng grant at magla-log in sa WizeHive account na ginamit upang isumite ang aplikasyon ng iyong organisasyon. Pakitandaan na magagamit lang bilang sanggunian ang mga portal na ito; kailangan mong isumite ang lahat ng impormasyon nang hiwalay para sa iyong aplikasyon sa 2025 gamit ang portal ng grant sa taong 2025. Kung wala kang akses sa WizeHive account na ginamit sa mga nakaraang taon, puwede kang makipag-ugnayan sa pangkat na Tagapagkaloob ng Grant sa [accelerator@artsfund.org](mailto:accelerator@artsfund.org) upang humiling ng kopya ng PDF ng iyong (mga) nakaraang aplikasyon.
- Makikita ang portal ng 2023 Community Accelerator Grant [dito](#).
- Makikita ang portal ng 2024 Community Accelerator Grant [dito](#).

### **Pagsusuri, Pamantayan sa Ebalwasyon, at Pagtanggap ng Pondo**

#### **Ano'ng mangyayari pagkatapos kong isumite ang aking aplikasyon?**

- **Susuriin ng Pangkat na Tagapagkaloob ng Grant ng ArtsFund ang lahat ng aplikasyon para sa kalipikasyon.** Kung kailangan, maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang mga kawani ng ArtsFund

upang humiling ng paglilinaw at mas mahusay na mapagpasyahan ang kalipikasyon ng iyong organisasyon para sa pondo.

#### **Kailan pagpapasyahan ang pondo?**

- Aabisuhan ang mga organisasyon tungkol sa katayuan ng paggawad sa kanila bago lumipas ang Setyembre 1, 2025. Ipamamahagi ang mga pondo sa pamamagitan ng pagbabayad sa ACH bago lumipas ang Setyembre 30, 2025.

#### **Mga Pamantayan sa Ebalwasyon**

##### **Sino ang nagpapasya sa paggawad ng grant?**

- Ang pagpapasya sa paggawad ng grant ay ginagabayan ng isang **Panel na Tagapayo sa Komunidad** na kumakatawan sa pagkakaiba-iba sa heograpiya at demograpiya ng Estado ng Washington. Magsisikap ang panel na tiyaking nailalapit sa mga apektadong komunidad ang pagpapasya hangga't maaari. Puwede mong alamin pa ang tungkol sa mga miyembro ng [Panel na Tagapayo sa Komunidad](#) ng Taong 2025 sa aming website, na naka-link dito.

##### **Malawak ang saklaw ng halagang maigagawad na nasa pagitan ng \$2,500 at \$25,000. Paano ninyo malalaman kung magkano ang makukuha ng bawat isa?**

- Lalagyan ng iskor ang mga aplikasyon batay sa isang hanay ng mga pamantayang pagpapasyahan ng Panel na Tagapayo sa Komunidad. Ang mga pamantayan sa ebalwasyon ay idinisenyo upang isaprioridad ang pagpopondo sa mga organisasyong nakasentro sa BIPOC, LGBTQ+, mga taong may mga kapansanan, at mga populasyon sa kanayunan.

#### **Kung Gagawaran**

##### **Kailangan ko bang iulat na ginamit ang pondo sa paraang iniulat sa aplikasyon? Maparurusahan ba ang aking organisasyon kung gagamitin namin ang pondo para sa ibang larangan?**

- Hindi. Hindi kailangang magbigay ng ulat para sa grant na ito. Walang restriksiyon ang mga grant, at dapat gamitin ng mga recipient na organisasyon ang halaga ng grant sa paraang akma sa kanila.

##### **May kahit ano bang restriksiyon kung para saan gagastahin ang pondo?**

- Oo. Bagaman iginagawad ang pondo bilang suporta sa pangkalahatang pagpapatakbo na walang restriksiyon, at dapat maramdaman ng mga organisasyon na may kalayaan silang idirekta ang halaga ng grant sa paraang akma sa kanila, hindi pinapayagan ang mga sumusunod na paggastos:
  - Mga serbisyo at/o tulong na nag-aatas sa mga tao na lumahok sa anumang panrelihiyong workshop, gawain, o pagtuturo bilang kondisyon ng pagtanggap ng tulong, panrelihiyong workshop, gawain, o pagtuturo.
  - Personal na gastusing hindi pangnegosyo (ibig sabihin, mortgage ng bahay, personal na utilidad, at gastusin).

- Anumang ilegal na aktibidad.

**Kung magagawaran ang aking organisasyon, puwede ba naming “i-regrant (igawad muli)” ang pondo sa ibang organisasyon o mga organisasyon?**

- Dahil walang restriksiyon ang pondong ito, mawawalan na ng kontrol ang ArtsFund sa pondo kapag nailabas na ito. Maaaring magkaloob ang iyong organisasyon ng pondo sa ibang benepisyaryo kung ninanais; gayunman, pakitandaang responsibilidad ng iyong organisasyon na tiyaking ginagamit ang pondo para sa mga layuning pangkawanggawa ayon sa hangarin ng grant na ito.